

# Newsletter para sa Dami ng Trabaho sa Paglilinis



## Mga Update ng Proyekto:

Tag-init 2024


- Nagagalak kaming ipaalam na mayroon kaming patuloy na tinatrabahong balangkas ng Gabay sa Gumagamit ng Calculator (Calculator User Guide)— isang bai-baitang gabay sa paggamit at pag-unawa sa Calculator ng Dami ng Trabaho ng Janitor. Naglalaman ang dokumentong ito ng mga detalye at pagpapakahulugan para sa bawat katangian ng calculator, impormasyon sa kung aling umiiral na tool at mga kumbinasyon ng gawain, pamamatnubay para bawat tab ng profile ng gumagamit, mga halimbawa, at limitadong pamamatnubay sa kung paano bibigyang kahulugan ang mga resulta. Mangyaring mag-email sa amin sa: [CleanerStudy@Lni.wa.gov](mailto:CleanerStudy@Lni.wa.gov) at ikinagagalak naming padalhan ka ng kopya.
  - Isang balangkas na dokumento lamang ito at hindi pa pinal at opisyal na inilathala – inaasahan naming ilabas ang pinal na bersyon kinalaunan ngayong taon. Kung mayroon kang pagpuna sa calculator o gabay sa gumagamit, pakipadala rin iyon sa amin.
- Pakisamahan kami sa pagbati sa bagong ergonomista namin – si Christina Garbuz. Makikipagtulungan si Christina sa mga CORE ergonomiya at pangkat sa pagtatasa sa dami ng trabaho para tulungan kaming suriin ang calculator ng dami ng trabaho, magsagawa ng mga pag-aaral sa laboratoryo at larangan, at bumuo ng bagong mga materyales sa edukasyon at pag-abot para mapanatiling ligtas sa trabaho ang mga janitor at tagalinis ng WA. Lumaki si Christina sa Spokane, WA, nakakapagsalita ng wika ng Ukraine at Russia, at kamakailang nakapagtapos sa Unibersidad ng Gonzaga na may Batsilyer ng Agham sa Pisyolohiya ng Tao at menor sa Sikolohiya.
- Pakitandaan: kahit na na-update namin ang mga materyales at impormasyon ng kontak namin para sumalamin sa bagong pangalan namin - gumagana pa rin ang umiiral na numero ng telepono, [website](#), at email ([JanitorStudy@Lni.wa.gov](mailto:JanitorStudy@Lni.wa.gov)) namin.

## Spotlight ng Panganib: Mga Pagkakalantad sa Kemikal

Sa lathalang ito ng pahayagan, nagpapatuloy kaming tumuon sa mga mapanganib na pagkahantad sa kemikal na hinaharap ng mga tagalinis sa trabaho. Kabilang sa pambuong estadong surbey namin ng mga janitor (2019-2020) ang mga tanong sa iba't ibang paksa ng trabaho, kabilang kung naranasan o hindi ng mga janitor ang anumang iritasyon dahil sa mga pagkahantad sa kemikal. Nagkaroon ng kumpletong 620 na mga tugon sa surbey. Sa mga ito, nag-ulat ang 218 na mga janitor (35%) ng pagkaranas ng iritasyon dahil sa mga pagkahantad sa kemikal. Tinanong namin ang mga janitor kung nakaranas man sila ng iritasyon ng mata, balat, o

paghinga (sistema ng respiratoryo) mula sa mga kemikal na ginagamit nila sa trabaho. Kung sinabi nilang oo, nakaranas sila ng iritasyon mula sa mga kemikal sa trabaho - maaari na ngayon nilang ilista ang hanggang sa 10 na espesipikong mga uri ng mga kemikal na nagsasanhi ng iritasyon at ilarawan kung gaano kadalas nilang ginagamit ang mga produktong ito.

Ano ang alam namin tungkol sa pinakakaraniwang mga kemikal na nagsasanhi ng iritasyon para sa mga janitor ng WA na nagsawa sa surbey namin:



- **Ang Kloroks at Mga Pandisimpekta** ang mga panakakaraniwang pinagmumulan ng natukoy na iritasyon.
- Maraming mga pandisimpektang naglalaman ng tinatawag na [mga compound ng kuartenaryong ammonia](#).
  - Kung mayroon kang mga Compound ng Kuartenaryong ammonia sa trabaho mo:
    - Dapat masanay ang lahat ng kawani sa kung paano ligtas na gamitin at itapon ang mga ito.
    - Dapat handang magamit ang tamang personal na kagamitang pamproteksiyon (personal protective equipment, PPE) para protektahan ang mga mata, бага, at balat – at dapat magkaroon ng pagsasanay ang mga tagalinis sa kung paano gamitin ang PPE para tulungang protektahan ang mga sarili nila. Maaring kabilang dito ang angkop na mga maskara, guwantes, at/o proteksiyon sa mata. Palitan ang mga aytem na ito kapag napunit o nasira ang mga ito. Basahin ang label ng produkto para malaman kung ano ang kailangan mo.
    - Kung posible, gumamit ng mga pandisimpekta sa mga maaliwalas na lugar.
    - Bawasan ang pagkahantad sa mga kemikal na ito at/o talakayin ang mga mas ligtas na alternatibo.
      - Halimbawa, [nasuri ang mga produktong nakatamo ng Sertipikasyon ng Disenyo para sa Kapaligiran \(Design for the Environment, DfE\) ng Ahensya ng Pangkapaligirang Proteksiyon \(Environmental Protection Agency, EPA\)](#) para sa mga epekto ng mga ito sa kalusugan ng tao.